Government of **Western Australia**
**School Curriculum and Standards Authority**

**WACE na kurso sa wika proseso ng aplikasyon – Impormasyon para sa mga magulang/guardian**

Ang lahat ng estudyante na gustong mag-enrol sa WACE na kurso sa Wika ay kinakailangan na magsumite ng *Aplikasyon ng permiso sa pag-enrol sa isang WACE na kurso sa Wika* (*Aplikasyon sa Wika*) sa School Curriculum and Standards Authority (ang Authority) sa pamamagitan ng portal para sa estudyante (https://studentportal.scsa.wa.edu.au).

Ang*Aplikasyon sa Wika* ay kinukumpleto ng mga estudyante habang sila ay nasa Year 10*.

Para makumpleto ang *Aplikasyon sa Wika*, ang estudyante ay kailangang gumamit ng computer, maging sa bahay man o sa eskwelahan. Kung mayroon kang anumang mga tanong, paki-sabi ito sa guro ng Wika o sa admiistrasyon ng eskwelahan para ikaw ay matulungan.

**Kinakailangan na impormasyon**

Ang estudyante ay kailangan magbigay ng mga sumusunod na mga detalye:

- ang mga eskwelahan na kanilang pinasukan para sa bawat taon ng eskwela mula sa antas ng Bago-mag-primarya
- ulat/mga ulat ng eskwelahan para sa mga taon kung saang eskwelahan/mga eskwelahan sila pumasok sa labas ng Australya
- mga bansa na kung saan sila dating nakatira
- mga bansa na dati nilang binisita/narating/nagbakasyon, kasama na dito ang dahilan/mga dahilan at tagal nang pagbisita sa loob ng bansa. Kasama lamang dito ang mga bansa na ang wikang salita ay kapareho ng wika na kung saan sila naga-apply
- ang unang wika/mga wika na kanilang natututnan
- iba pang wika/mga wika na kanilang pansalita, pambasa at pansulat
- ang wika/mga wika na kanilang gamit kausap ang magulang/mga magulang o guardian/mga guardian at sa kanilang mga kapatid o mga kaibigan
- ang wika/mga wika na gamit ng kanilang magulang/mga magulang o guardian/mga guardian

**Sumusuportang mga dokumento**

Ang estudyante ay kailangang magbigay ng isang litrato o scan ng sumusunod na mga dokumento para i-upload sa kanilang aplikasyon:

- nakumpleto na *Pagkilala ng Magulang/Guardian* na form (kinakailangan ito)
- pahina ng pagkakakilanlan ng pasaporte, kung sila man ay ipinanganak sa ibang bansa o tumira sa labas ng Australya
- ulat/mga ulat ng eskwelahan na nasa ibang bansa, kung sila ay pumasok sa eskwelahan/mga eskwelahan sa labas ng Australya
- talaan ng paglipat sa mga bansa, kung sila ay tumira o madalas na nagpunta sa mga bansa o mga lugar na kung saan ang salitang wika ay kapareho ng wikang ina-apply-an (kung hiniling ng Authority).

Karagdagan na impormasyon tungkol sa proseso ng aplikasyon sa wika ay maaaring makita sa aplikasyon para sa WACE na kurso sa Wika na webpage (https://www.scsa.wa.edu.au/sirs-and-srms-info/srms-information/wace-language-applications).

* Ito ay magagamit sa mga estudyanteng may-dunong at talentado/napabilis ang pagpasa sa Year 9 na maga-apply na papasok sa Year 11 na kurso sa Wika kapag sila ay nasa Year 10 na.